# Mensahe ng Alkalde:


## Biglaang Pagdami ng Nahawaan sa Lungsod ng Kani

● Nakakaranas ng hindi inaasahang pagtaas ng bilang ng kaso sa covid ang Lungsod ng Kani mula Agosto (132 na kaso mula Agosto 27 hanggang Setyembre 3).

● Ang pagtaas ng bilang sa pang-5 wave ng mga nahawaan sa Lalawigan ng Gifu ay nakaapekto sa mga lokal na pagamutan at kapasidad ng mga isolation facilities, at ang mga wala/magaan ang sintomas ay napipilitang manatili sa kani-kanilang tahanan (higit sa 50 mamamayan ay nananatili sa bahay ang naitala noong Setyembre 5)

● Mga katangian ng pang-5 wave: mataas na risk ng impeksyon sa rehiyon tulad ng Kanto at iba pang lugar, sa mga kabataan (20~30 taong gulang) dahil sa pagtitipon, parties, pagpasyal atbp., at sa komunidad ng mga dayuhan. Nagsimula ang pagkahawa sa mga kabataan (10~30 taong gulang) at mabilis itong lumaganap sa miyembro ng kanilang pamilya.




Para sa mga mamamayan

Upang maiwasan ang nabanggit sa itaas, sunding mabuti ang mga sumusunod.

● Patuloy na pagsunod sa mga pangunahing hakbang sa pag-iwas (pagsuot ng mask, pag-disinfect ng kamay, social distancing, pagtigil ng anumang aktibidad kung masama ang pakiramdam).

● Gayundin, iwasan ang pakikisalamuha sa iba gaya ng pagkansela o pagpapaliban ng mga aktibidad at pagkain sa labas, reunions, parties, atbp. at hindi mahalagang paglabas (lalo na sa ibang lalawigan)

● Dahil sa pagtaas ng bilang ng mga nahawaang mag-aaral sa elementarya at JHS, ipagpaliban ang anumang aktibidad sa labas kasama ang buong pamilya at ipaalam sa paaralan o sa iba pang may kaugnayan kung masama ang pakiramdam ng kasama sa bahay.

● Para sa mga ayaw magpabakuna: bigyan ng konsiderasyon ang inyong pagaalinlangan upang maprotektahan ang sarili at pamilya.

NOVELCORONAVIRUS INFECTION PREVENTION OFFICE
Director: Shigeki Tomida (Mayor) – Setyember 2021